

Chapter One



"Ano na naman ba 'yang gayak mo na 'yan, Candelaria? Tumatanda ka ba nang paurong?" puna ng ina ni Candy.

"Ano naman po'ng masama sa suot ko?" Chini-check niya ang hitsura sa harap ng malaking salamin na nakasabit malapit sa paanan ng kanilang hagdan.

Alas siete ang usapan nila ng mga kaibigan niya. Dadaanan na lang daw siya ng mga ito dahil on the way ang bahay nila papuntang venue. At dahil alas seis pa lang, may isang oras pa siya upang ayusin ang mga dapat ayusin sa gayak niya.

Hayagang itinirik ni Stella ang mga mata at

kitang-kita iyon ni Candy sa salamin.

“Anak, hindi ka naman siguro nagpursiging makatapos ng pag-aaral mo at maging professional kung sa ganyang bisyo ka rin lang babagsak?” May bahid ng frustration sa mukha at boses ng ina.

Lumabi si Candy. “Maka-bisyo ka naman diyan, Ma.”

“Bakit? Hindi ba? May matino bang beinte-tres años na nagtatrabaho sa isa sa pinakamalaking ospital sa bansa na nagsusuot ng *ganyan*?” Umiling pa si Stella habang pinapasadahan ng tingin ang kabuuan ng panganay.

Naka-leggings na kulay pula si Candy na pinatungan ng itim na miniskirt, habang naka-highcut na *Chuck Taylor* siya na kulay dilaw. Ang pang-ibabaw na suot niya ay puting long sleeve polo at may nakasabit na necktie sa leeg niya na halatang sinadyang tabingi ang pagkakasuot. May maliliit at iba’t ibang kulay na hugis pusong design ang necktie. Ang lagpas balik at niyang buhok na kulay hazelnut ay hinayaan lang niyang nakalugay.

Sa biglang tingin ay aakalain ninuman na high school student lang siya, lalo’t hindi siya gaanong katangkaran. Balingkinitan ang katawan ng dalaga

kaya lalong nagmukhang teenager.

“Mama, hindi ka pa ba nasanay diyan kay Ate?” sabat ng nakababatang kapatid niyang si Anton na parang sea urchin ang buhok sa sobrang tuwid at tulis ng pagkakatayo.

Tinapunan ito ng sulyap ni Candy habang pilit na pinapasingkit ang mga mata sa pamamagitan ng paglalagay ng eyeliner. “Hoy, Antonio! Baka akala mo hindi ko alam ang pagbubulakbol na ginawa mo n’ung nakaraang linggo!” sita niya sa disisiete anyos na kapatid.

“Ilang ulit ko ba kailangang ipaliwanag sa ’yo, Ate, na hindi nga pagbubulakbol ’yon? Parte ’yon ng ginagawa naming project sa school.” Nakayuko si Anton at abala sa pagpapalit ng kwerdas ng gitara nito habang nakaupo sa sahig sa gitna ng kanilang sala.

“Project-project! Tigilan mo nga ako sa palusot mo na ’yan, Anton. Akala mo hindi ko alam na suma-side line ka bilang git—” Agad tumigil sa pagtatalak si Candy nang makita ang nagbabantang tingin ni Anton. Pinandidilatan siya nito.

“Suma-sideline bilang ano? Ha, Antonio?”

untag ng ina nilang si Stella. “Naku! Huwag ko lang malaman-laman na naggigigigita ka at naggigigigig tulad ng ama n’yo!”

Bahagyang tumaas ang boses ng ina nila at nanlilisik ang mga mata nito pansin ni Candy. Maging ang mga butas ng ilong nito ay nanlalaki na rin. Ganoon lagi ito kapag napag-uusapan ang kanilang papa. Pati ang alagang aso nilang si Minky ay parang nakaramdam na rin sa nagbabadyang bagyong paparating kaya dali-dali itong nagtago sa ilalim ng sofa.

Si Anton ay nagkukunwaring walang pakialam at patuloy pa rin sa pagtatanggal ng kwerdas ng gitara nito, pero halata sa galaw ng mga kamay ng binatilyo na tensyonado na rin ito.

Nilingon ni Candy ang ina. Panay pa rin ito sa pagpapaypay sa sarili. Pati mga curlers sa buhok nito ay bahagya nang umaalog.

“Ma, ’yong curlers n’yo po baka matanggal.” Pinaglipat-lipat niya ang tingin sa ina at kapatid at napakagat-labi.

Alam niya ang kahihinatnan ng ginawa niya kaya mabilis na nagtrabaho ang kanyang brain cells para pakalmahin ang ina at pahupain ang

nagbabadyang unos.

Wala ka talagang preno minsan, Candy! Si Konyensya.

Oo na! Alam ko na 'yon!

“O, bakit walang sumasagot sa inyo? Ano’ng sinasabi mong suma-side line itong kapatid mo, ha, Candelaria? Ano’ng ibig sabihin ng sinabi ng ate mo, Antonio?”

“Ewan ko po diyan kay Ate, Ma,” tipid na sagot ni Anton at palihim na sumiring sa kanya.

Nahuli niya ang mga mata nito.

Pag ako ibinuking mo, ibubuking din kita kay Mama!

Iyon ang intindi niya sa tingin ni Anton sa kanya kaya pinandilatan ito ni Candy.

“Ma, wala lang po 'yon,” ani Candy sa malambing na boses. “Yong presyon n’yo, baka tumaas na naman ’yan dahil sa walang kwentang bagay, sige ho kayo.”

Alam nila pareho ni Anton na mabilis mahimasmasan ang inang si Stella kapag nilalambing-lambing na nila ito. Pero alam din nila na medyo may pagkapursigido ang ina, lalo na kapag may naaamoy itong kaduda-duda tungkol

sa kanilang dalawa. Kaya hindi na nagtaka si Candy kung hindi man agad na umepekto ang paglalambing niya.

“Naku, Candelaria! Tigilan mo ako sa paggaganyan mo at hindi ako madadaan sa paglalambing mo na ’yan,” ani Stella.

“Oo nga naman, Ma,” sabat ni Anton. “Ang presyon n’yo po.”

Iniwan nito ang gitara sa sahig at tumayo upang lapitan ang ina na noon ay nakaupo na sa high chair malapit sa dati ay mini-bar nila. Nakabuntot kay Anton si Minky.

Matagal na hindi nila ginamit ang mini-bar na iyon. May ilang bote pa rin ng alak sa loob ng cabinet doon, pero hindi na iyon nagagalaw.

Ang pag-upo na lang sa high chair ang aktibidad na nagaganap doon mula nang sumakabilang-bahay ang kanilang ama. Ang papa lang naman nila ang umiinom ng alak sa bahay nila. Patunay ang alikabok na bumabalot sa mga bote. Hindi rin naman iyon pinapalinisan ng mama nila kay Anding, ang kanilang kasambahay, dahil gusto nitong patunayan sa kanila na wala na itong pakialam sa papa nila.

Malambing na niyakap ito ni Anton mula sa likod, at hinalikan sa pisngi. Agad na gumaan ang pakiramdam ni Candy nang makita ang pag-iiba ng ekspresyon ng mukha ng ina.

“Pag si Antonio talaga ang maggaganyan, wala pang isang segundo, kakalma na si Mama,” kunwa’y reklamo niya at inabalang muli ang sarili sa harap ng salamin.

“Alam mo, ’nak, pag hindi ka pa tumigil sa kaiikot diyan sa harap ng salamin, ipapatanggal ko na ’yan kay Anding at ipaaakyat ko sa attic,” seryosong sabi ni Stella.

Alam naman ni Candy na nagbibiro lang ito.

Noon pumasok si Anding mula sa kusina.

“Handa na po ang hapunan, mga Ate at *Dodong* Anton.”

Napangiwi si Anton. Hindi pa rin kaya ng mga tainga nito ang pagtawag ni Anding dito ng ‘*Dodong*.’

“Ate Anding naman,” ingos ng binatilyo sa kasambahay na tatlong taon lang ang tanda dito. “Tigilan n’yo na po kasi ang kaka-*Dodong* sa akin, please?”

“Ano nama’ng problema mo sa ‘*Dodong*,’

Antonio?” hirit ni Candy.

“Oo nga, *Dong Anton!* Wala namang masamang, kuwan, 'yong meaning ba, ang 'Dodong,' ah,” depensa pa ni Anding.

“Hindi kasi bagay sa akin Ate Anding, di ba, Ma?” baling nito sa ina, halatang naghahanap ng kakampi. “Sa pogi at *desirable* kong ito, tatawagin akong 'Dodong?' ”

Tumawa si Candy na parang sinasapian. “Anton naman! Kung sa pogi lang, oo, tatanggapin ko 'yan nang buong puso, dahil ano pa'ng silbi na naging magkapatid tayo kung hindi ka rin lang nabiyayaan ng magandang mukha katulad ko? Pero desirable? Tsk tsk! Anong desirable sa parang sea urchin mong hairdo at sa gutay-gutay mong mga pantalong sinusuot? Pati *Converse* mo, konti na lang ay bibigay na dahil sa sobrang battered. 'Tsaka pwede ba, magbilad ka naman sa araw kahit paminsan-minsan lang, little *bruh*, dahil mukha ka nang bampira sa putla mong 'yan. Pati fashion sense mo ay pambampira dahil panay kulay itim ang isinusuot mo. At kailangan ko pa bang banggitin na parang walang ka-substance-substance ang katawan mo dahil sa payat mong

'yan?" litanya ni Candy pagkatapos ay matamis na nginitian ang kapatid.

Parang hindi apektado si Anton sa mga sinabi niya. "Ate, hindi mo pa ba naririnig ang salitang punk o emo?"

"Pakitigilan mo na rin ang pagpuslit sa kwarto ko para gamitin ang eyeliner ko do'n, okay? Pudpod na 'yon," dagdag ni Candy na parang walang narinig.

"Tumigil na nga kayong dalawa diyan at baka kung saan na naman mapunta ang asaran n'yo na 'yan at magkainisan na kayo," ani Stella. "Saan ba ang punta mo, Candy? Bakit ganyan ang gayak mo?"

Malalim na bumuntong-hininga si Candy. Akala niya titigilan na siya ng ina tungkol sa suot niya. Hindi naman niya pwedeng sabihin dito ang totoo, kahit nangangati na ang dila niya, dahil tiyak na hindi ito sasang-ayon.

Tinapunan niya ng sulyap si Anton na nakayakap pa rin sa ina nila. Nakangiti ito. Pero alam niya ang gustong sabihin ng kapatid sa likod ng nakakalokong ngiti nito sa kanya. Ngiting nagsasabing, *Sige nga, Ate. Umamin ka kay Mama*

kung kaya mo.

Pinandilatan niya ito.

“Wala, Ma. Nagkayayaan kasi kami nina Rhina na lumabas ngayon, tatal Biyernes naman at walang pasok bukas,” ani Candy sa ina. Kapwa niya nurse sina Rhina at Macy at iisa ang ospital na kanilang pinapasukan.

“Na ganyan ang suot? Wala ka bang ibang damit na di hamak na mas disenteng tingnan kaysa diyan?”

Muling napabuntong-hininga si Candy. Tinapunan niya ng mabilis na sulyap ang relong nakasabit sa dingding nila. May labinlimang minuto pa bago pumatak ang alas siete. Nangangati na ang mga kamay niya na hilahin ang mga kamay ng orasan.

“Kasi ho, Mama, uso na ’to ngayon. ’Tsaka, madami naman pong tao sa pupuntahan namin kaya—”

“Gaano karami? Baka mapaano kayo do’n, ha? Saan nga ulit kayo pupunta?” sunod-sunod na tanong ni Stella.

“Sa ano po...”

Sunod-sunod na busina ng sasakyan na

sigurado siyang kay Rhina ang narinig nila. Agad kinuha ni Candy ang bag na nakasabit malapit sa hagdan at mabilis na tinungo ang pinto. Pero pumihit siya pabalik sa kinauupuan ni Stella at dinampian ito ng matunog na halik sa pisngi.

“I won’t be late, Ma. Promise!” Itinaas pa niya ang kanang kamay. “Kumain na po kayo.”

Tumingin siya sa kapatid.

Tumango ito at bumuka ang bibig. “Enjoy.”

Kinindatan ni Candy si Anton at mabilis na tinungo ang pinto.

